ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 6
Marso 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Armadong pakikibaka ang sagot sa pasismo ng rehimeng US-Marcos

Nag-aalab ang damdamin ng sambayanang Pilipino laban sa rehimeng US-Marcos sa todong pasistang paninibasib sa buong bansa, laluna sa kanayunan. Punung-puno ng poot ang masang magsasaka na sa gitna ng kanilang paghihikahos at gutom, pasismo at pang-aagaw ng lupa ang sagot ng reaksyunaryong rehimen sa kanilang hinaing.

Sa desperadong pagtatangka na "tapusin" ang rebolusyonaryong armadong paglaban ng sambayanang Pilipino, walang-habas ngayon ang terorista at pasistang pananalanta ng rehimeng US-Marcos at mga armadong galamay nito sa buong bansa. Asahan nang magsusunud-sunod ang mga huwad na deklarasyon ni Marcos at ng AFP na "insurgency-free" ang iba't ibang prubinsya, lalong-lalo na sa mga prubinsya na tinatakam na pasukin at dambungin ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, plantasyon at enerhiya. Sa utos ng imperyalismong US, nagmamadali rin ang AFP na "tapusin" na ang armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino upang ganap nang magamit ng militar ng US ang AFP sa inuupat nitong gera sa China na malamang sisidhi sa darating na taon.

Isang todong gera ang ipinag-utos kamakailan ni Marcos at ng pamunuan ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Layunin diumano ng todong-gera na ito ang lansagin ang lahat ng larangang gerilya ng BHB sa katapusan ng Marso, wasakin ang lahat ng panlabang yunit ng BHB sa katapusan ng Hunyo, at ubusin ang lahat ng panrehiyong komite ng Partido bago ang katapusan ng taon. Puo-puong libong tropang militar, katuwang ang mga tropang pangkombat ng pulis at ilampung libong paramilitar na inarmasan ng AFP, ang pinadala upang manghalihaw sa kanayunan.

Daan-daang mga barangay ang ginagarison ng mga pasistang galamay ni Marcos. Kinokontrol ng naghahari-hariang sundalo ang buhay at kabuhayan ng mga tao, binubusalan ang kanilang mga bibig, at niyuyurakan ang kanilang mga karapatan at kalayaan. Tsekpoynt at blokeyo sa pagkain, pagbabawal magsaka sa bukid o umakyat ng mga kaingin, mga armadong sundalong nagbabaraks sa barangay, nagbabahay-bahay at namimilit na "sumurender," nambabastos sa mga dalaga o maging sa mga may-asawa, nag-iinuman, nambubugbog at nagbubugbugan, nagpapaputok ng baril sa kung saan-saan—ang ilan la-



mang sa bulok na gawing nakatatak sa isip ng mamamayan. Sa gitna ng tagtuyot at mga sakuna, ang mga pasistang sundalo ay mga pesteng walang ibang hatid kundi salanta sa kanilang mga komunidad.

Gamit ang malalakas na sandata, mga *drone* at *jetfighter*, mga helikopter at *howitzer*, walang pili sa gabi o araw ang pambobomba ng mga teroristang sundalo ni Marcos sa mga bundok at bukid na pumipinsala sa yaman ng gubat at lumalason sa katubigan, bumabasag sa katahimikan at nagdudulot ng malalim na ligalig sa mamamayan, laluna sa mga bata, buntis at nakatatanda. Labis-labis na pagpuksa sa buhay ang dulot nito, taliwas sa lahat ng prinsipyo at batas sa sibilisadong pakikipagdigma.

Imbing layunin ni Marcos ang itarak ang takot sa dibdib ng taumbayan at padapain sila habang inaagawan sila ng lupa ng malalaking kapitalistang dayuhan at mga kasabwat na mga burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa. Subalit sa halip na sila'y magpalugmok sa lupa, lalo silang napupukaw na tumindig at lumaban, at bagtasin ang landas ng armadong rebolusyon.

Sa mga larangang gerilya sa buong bansa, patuloy na tumatamasa ng malalim at malawak na suporta ng masang magsasaka ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Galit na galit ang mga upisyal militar ng AFP at ng reaksyunaryong estado na sa kabila ng kanilang pinatinding todo-gera na tumagal na nang halos pitong taon, patuloy pa rin ang masang magsasaka sa pagbibigay ng suportang pampulitika at materyal sa mga Pulang mandirigma. Patuloy ring sumasapi sa hukbong bayan ang mga kabataang magsasaka, pati na mga kabataang estudyante, manggagawa at maging mga propesyunal.

Patuloy na nag-aalab ang hangarin ng sambayanan na isulong ang armadong pakikibaka. Sa gitna ng pasistang paninibasib ng mga armadong galamay ng rehimeng US-Marcos, at mga pabigat nitong patakarang ibayong nagpapahirap sa kanila, lalong kumikintal sa isip at kamalayan ng masang magsasaka na wala sila kahit ano kung wala silang Bagong Hukbong Bayan na kaagapay nila sa pagtatanggol sa kanilang buhay at mga karapatan, at kasama nila sa pakikibaka para sa lupa at kabuhayan.

Sa nagdaang mga taon, dumanas ng pinsala at pag-atras ang BHB sa iba't ibang panig ng bansa dahil sa mga pagkakamali at kahinaan ng konserbatismo at pagkakasya sa dati nitong naabot na tagumpay. Sa halip mapangahas na bagtasin ang landas ng tuluy-tuloy na pagpapalawak at pagpapasigla ng armadong pakikibaka, kumitid ang saklaw at baseng masa ng mga yunit gerilya, naging pasibo at bulnerable sa pagkubkob ng kaaway. Sa gabay at inspirasyon ng Partido, determinado ang BHB na iwasto ang mga pagkakamali at sumulong sa landas ng muling pagpapalakas at pagpapalagablab ng apoy ng digmang bayan.

Sa diwa ng kilusang pagwawasto, dapat pasiglahin ng BHB ang armadong pakikibaka sa lahat ng panig ng bansa. Katuwang ang malawak na kilusang masa sa pakikidigmang gerilya, gamitin ang lahat ng sandata—baril at bato, sibat at suyak, desabog at pasabog—at ilunsad ang malalaki o maliliit na taktikal na opensiba na kayang ipagtagumpay laban sa mahihina't nahihiwalay na bahagi ng kaaway. Birahin ang pasistang tropa ng kaaway at lahat ng galamay nito bilang paraan ng pagkamit ng mamamayan ng hustisya at upang bigyang inspirasyon ang kanilang paglaban. Sa pamamagitan lamang ng malawak na armadong paglaban mapatatatag, makababawi ng lakas at susulong ang BHB.

Mula nang itatag ito, lima't kalahating dekada na ang nakaraan, ang BHB ang nagsilbing tunay na hukbo ng bayan na nagsusulong ng rebolusyonaryong hangarin ng sambayanang Pilipino para sa pambansang demokrasya. Sa darating na anibersaryo nito sa Marso 29, ipagdiwang natin ang mga tagumpay na nakamit sa nagdaang 55 taon, magbigay-pugay sa lahat ng mga martir at bayani, at muling pagtibayin ang determinasyon na isulong ang matagalang digmang bayan, anumang sakripisyo at pasakit ang kailangan, para makamit sa hinaharap ang tagumpay. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 6 | Marso 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Armadong pakikibaka ang sagot sa pasismo ng rehimeng US-Marcos 1
Dakilain ang rebolusyonaryong kababaihan 3
Pasan ng kababaihan ang kalahati ng kalangitan 4
Sa madaling salita 5
Pito, sugatan sa marahas na demolisyon 6
Araw ng Kababaihan laban sa *chacha* 7
Pakikibakang manggagawa 7
Mga protesta 7
Kapit-bisig ang masa sa harap ng El Niño 8
Imported na LNG, delubyo sa mamamayan 9
Mga upisyal ng US, dumagsa sa bansa 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Dakilain ang kabayanihan ng rebolusyonaryong kababaihan



Hindi matatawaran ang dakilang ambag ng kababaihan sa pagsusulong ng kilusang mapagpalaya at rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas. Mula pa sa panahon ng kolonyalistang Espanyol, pananakop ng Amerikano at Japan, sa ilalim ng pasistang diktadurang Marcos, at hanggang ngayon, hindi nila binitiwan ang lilang bandila para itaguyod ang kagaligan ng kababaihan at ng inang bayan. Binalikat at patuloy nilang sinusuong ang mabibigat na sakripisyo at buongtatag na binabalikat ang rebolusyonaryong mga tungkulin.

Tinutularan at inspirasyon ng makabagong henerasyon ng kababaihang rebolusyonaryo ang halimbawa nina Gabriela Silang, na namuno sa kilusang mapagpalaya sa Ilocos laban sa Espanya noong 1763; ni Coronacion Chiva (Kumander Waling-waling), na namuno sa gerilyang anti-Japan sa Panay at nagpatuloy laban sa diktadurang Marcos; ni Maria Lorena Barros, tagapagtatag ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan; ni Wilma Tiamzon, ang pangkalahatang kalihim ng Partido Komunista ng Pilipinas; ni Helenita Parladis, kalihim ng komite ng Partido sa Eastern Visayas; ng mag-inang Beverly Sinunta, kalihim ng subrehiyon sa North Central Mindanao, at Chenchen Banawan; ni Emarie Pastidio na upisyal ng kanyang platun sa BHB-Negros at marami pang ibang kababaihang namartir sa larangan ng digma. Tangan ng daan-daang kababaihang mandirigma ang kanilang di matatawarang kontribusyon sa pagsusulong ng digmang bayan.

**Pamana sa kabataang kababaihan**

Kabilang sa kababaihang ito si Ka Lira, 26 taong-gulang na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isa sa mga larangang gerilya ng Southern Tagalog. "Gumagampan ako ngayon ng tungkulin bilang giyang pampulitika at minsan instruktor pampulitika," pagbabahagi niya. Anim na taon na siya sa BHB.

"Araw-araw, napagtatanto ko na marami pang dapat matutunan, at dapat iwaksi," ayon kay Ka Lira. Bilang babae at mula sa uring petiburgesya, nagsisikap siyang basagin ang ipinipilit na imahe ng babae na mahina at limitado ang kakayahan.

"Mayroong kababaihang upisyal militar, isnayper at mga kumader, at namumuno sa mga labanan," aniya. Kadalasan, nagugulat ang bagong sampang kalalakihang mandirigma kapag nakikita nila ang mga ito. Mismong ang presensya nila sa hukbo ay pagbaka na sa kaisipang *macho*-pyudal. "Kapag nakikita naman kami ng kababaihan mula sa baryo, binabati nila kami ng may pagtataka. Lalo na ang mga nanay, magtatanong talaga sila kung bakit ko piniling lisanin ang komportableng buhay."

“Sabi ko sa kanila, talagang hindi madali ang ganitong buhay, pero tinatanggap ko ang sakripisyo dahil alam ko kung para saan ito,” aniya. “Pinapakita ko na lamang sa kanila na wala namang dapat ipag-alala.”

**Tapang sa pagharap sa kaaway**

Hindi natinag ang palabang diwa ni Ka Rema, isang Pulang mandirigma ng BHB-North Central Mindanao, kahit sa panahong nasa kamay siya ng kaaway. Labing-tatlong araw pa lamang mula nang inoperahan ng sesaryan para manganak, binagtas ni Ka Rema ang kagubatan para makatakas sa kaaway at makabalik sa yunit ng BHB na kanyang kinabibilangan. Susing upisyal si Ka Rema sa isang panlabang yunit ng BHB.

Si Ka Rema ay pataksil na dinakip ng militar habang nasa ospital matapos niya manganak. Ipinailalim siya sa matinding interogasyon at pinilit na umako ng kontra-rebolusyonaryong “misyon.”

Sa panahong iyon, maingat niyang sinagot ang mga tanong ng upisyal militar at tiniyak na walang kahit anong bago at mahalang datos na naibibigay sa mga ito. Napaniwala niya ang mga ito at binigyan siya ng tungkulin na pasukuin ang kanyang asawang Pulang mandirigma.

Ni minsan, hindi naisip ni Ka Rema na ipagkanulo ang mga kasama, ang masa at ang rebolusyon. Paulit-ulit niyang pinag-isipan kung paano makatatakas sa kamay ng mga pasista. Nang dumating ang pagkakataong tumakas, sinunggaban niya ito. Bago umalis, niyakap niya nang mahigpit ang umiiyak na 9-taong gulang na anak at ang kanyang sanggol. "Siguro, maiintindihan rin nila ito sa hinaharap," nasa isip ni Ka Rema.

Sa araw na iyon, nakarating si Ka Rema sa kampo ng hukbong bayan. Laking pasalamat niya sa mga kasama at sa masang tumulong sa kanyang pagtakas. "Salamat at nakabalik na ako sa aking tunay na tahanan!" madamdamin niyang pagbati sa mga kasama. AB

# Pasan ng kababaihan ang kalahati ng imperyalistang kalangitan



Iniinda ng kababaihang Pilipino ang pinakamasasahol na epekto ng mga patakarang neoliberal na ipinataw ng imperyalismong US at papet na estado nito sa nakaraang apat na dekada. Dulot ng mga mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon, lalo silang natutulak sa laylayan ng lipunan, kung saan napipilitan silang magpakasapat sa mga trabahong impormal, di ligtas at mala-alipin ang sahod.

Mayorya sa kababaihan ay nakapaloob sa pinakapinagsasamantalahan at aping sektor ng lipunan—manggagawa, magsasaka at katutubo, maralita sa kanayunan at kalunsuran. Sa nakaraang dekada, mahigit kalahati sa kanila, edad 15 pataas, ang hindi ibinibilang sa pwersa ng lakas-paggawa dahil sa katangian ng mga trabahong ginagampanan nila. Kabilang sa mga ito ang milyun-milyong maybahay na tumutuwang sa mga trabaho sa sakahan at tumatanggap ng mga trabahong "sideline" habang pasan ang mabibigat na gawaing bahay at pag-aalaga ng mga anak. Noong 2022, bumibilang sa 20 milyon ang kababaihang wala sa pwersa ng lakas paggawa, walang trabaho at kulang o halos walang trabaho.

Pito sa bawat sampung kababaihang itinuturing na may trabaho ay nasa sektor ng serbisyo. Ang mga trabaho nila dito ay "low-skilled" o nangangailangan ng mababang kasanayan at di regular. Sa kabila ito ng relatibong mataas na naabot na antas ng edukasyon ng kababaihan.

Sa sektor ng pagmamanupaktura, 90% ng mga kababaihan ay "di regular" at napakaliit (2.7%) ang nakapaloob sa mga unyon. Marami-raming kababaihan ang matatagpuan sa mga pabrika ng malalaking dayuhang kapitalista sa loob ng mga *export processing zone*, kung saan bahagi sila ng internasyunal na *assembly line* (tinatawag ng mga imperyalista na *global value chain*). Sinasabing "mas gusto" ng mga dayuhan ang kababaihang manggagawa dahil sa kanilang pagiging kimi, husay sa trabahong madetalye tulad sa pag-asembol ng mga *semiconductor* o pananahi, at pleksibilidad sa obertaym. Ang totoo, ang mga katangiang ito ay hindi likas sa kababaihan, kundi bunsod ng desperasyong dala ng palagiang krisis sa empleyo, na sinasamantala ng mga kapitalista at mga ahensya sa paggawa.

Higit rito, mas mura sa pangkalahatan ang ipinasasahod sa kanila, kumpara sa kalalakihan. Sa industriya ng damit, halimbawa, mas mababa nang 17%-25% sa pangkalahatan ang antas ng kanilang sahod.

Literal na barya naman ang ipinangsasahod ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa kababaihan sa maralitang mga komunidad na kinokontrata nila nang pakyawan para gampanan ang ilang bahagi ng gawain sa asembleya. Sila ang tinatawag ng International Labor Organization na mga manggagawang industriyal na "home-based." Ilan sa kanilang mga trabaho ang maliitang pananahi, pagbuburda, pag-asembol ng maliliit na gamit pambahay, pagmamanupaktura ng pagkain, paggawa ng mga *handicraft* at dekorasyong panturista at iba pa.

Sa mga trabahong *freelance*, mas mababa nang 18.4% ang sahod ng kababaihang nasa trabahong *digital*, kumpara sa kalalakihan. Ito ay dahil sa "tradisyunal na pananaw" na mas angkop sa kababaihan ang tipo ng mga trabahong "di gaanong kumplikado" tulad ng *encoding*, kumpara sa "mas kumplikado" at may mas mataas na dagdag-halagang trabaho tulad ng *digital design* na diumano'y "mas angkop" sa kalalakihan.

Sa agrikultura, mas mababa nang 8%-15% ang natatanggap na sahod ng kababaihang manggagawang bukid, kumpara sa kakarampot nang sahod ng kalalakihan. (Parehong mas mababa ang kanilang arawan kumpara sa sahod ng manggagawa sa serbisyo at industriya, na pawang hindi nakasasapat para sa pangangailangan ng kanilang mga pamilya.) Mas madalas, hindi pinasasahod ang kababaihan (at mga bata) dahil itinuturing na "ekstensyon ng gawaing bahay" ang ginagampanan nila sa produksyon.

Para mabuhay nila ang kanilang mga pamilya, maraming kababaihan ang iniiwan ang kanilang mga anak, lumalabas ng bansa para mamasukan bilang mga katulong, yaya at iba pang trabahong nagsasadlak sa kanila sa matinding pagsasamantala, pang-aapi, karahasan, at sa di iilang pagkakataon, kanilang kamatayan. Noong 2022, 1.10 milyong kababaihan (60.2%) ang nangibangbayan, kumpara sa 726,000 kalalakihan (39.8%). Sa kabila nito, mas mababa ang taunang abereyds na naireremit ng kababaihang migranteng manggagawa (₱61,000) kumpara sa kalalakihan (₱126,000).

Sa kanayunan, iniinda ng kababaihang magsasaka ang laganap na kawalan ng lupa. Napakaliit na bilang (6.3%) ang may solo o kahating pag-aari ng lupa. Pasan nila ang problema sa mataas na presyo ng *farm inputs*, mababang presyo ng bilihan ng ani at pagkalugi sa panahon ng sakuna. Malaking mayorya ay baon sa pagkakautang sa mga usurero at institusyong *microfinance*, hindi lamang para sa produksyon, kundi patia sa araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya. AB



## Lorena Barros

tagapagtatag ng MAKIBAKA, ay ipinanganak noong Marso 18, 1948 sa Baguio City. **Sumapi siya sa BHB matapos ideklara ang batas militar noong 1972. Namartir siya sa isang ambus sa edad na 28.**

## Marso 17, 1995

binitay sa Singapore ang kasambahay na si **Flor Contemplacion** sa krimen ng pagpatay.

Kabilang siya sa higit milyong kababaihang Pilipino na napipilitang mangibang-bansa taun-taon dulot ng kasalatan ng disenteng trabaho sa Pilipinas.

## 54/araw

**kababaihan at bata ang biktima ng karahasan sa unang walong buwan ng 2023.**

Pinakamarami ang biktima ng panggagahasa, kung saan 76% ay mga bata. Kalakhan sa mga ito, kakilala o mismong ama ng biktima ang suspek. Pinakamarami ang naitalang kaso sa rehiyon ng Davao.



## 162



**sa 812 na detenidong politikal sa bansa ay babae, at 97 sa kanila ay kababaihang magsasaka.**

23 sa kanila ay inaresto sa ilalim ng rehimeng Marcos.

## 5

**sa iniulat na engkwentro ng AFP sa BHB sa isang barangay sa Cataingan, Masbate sa nakaraang 6 na buwan ay gawa-gawa o peke.**

## 5



**sunud-sunod na sunog ang naganap sa 4 na barangay sa Bacoor City at Kawit, Cavite noong Pebrero 8-27.**

Hinala ng mga residente at mangingisda rito na sinadya ang mga sunog para palayasin sila at bigyan-daan ang mga proyektong imprastruktura at reklamasyon sa lugar.

Praymer


**PANUNULSOL NG US NG IMPERYALISTANG GERA SA CHINA, BANTA SA BUHAY AT KALAYAAN NG MGA PILIPINO**

Marso 2024

I-*download* ang inyong kopya sa:

https://philippinerevolution.nu/

## 458



**manggagawang pangkalusugan na Palestino ang pinatay ng kampanyang henosidyo ng Zionistang Israel mula Oktubre 7, 2023 hanggang Marso 11, 2024.**

Ang mga manggagawang pangkalusugan ay protektadong mga indibidwal sa ilalim ng intenasyunal na makataong batas.

**Pinagkunan:** *Health Workers Watch-Palestine*

# Pito, na sugatan sa marahas na demolisyon sa Angeles City

Pitong residente ng Sityo Balubad sa Barangay Anunas, Angeles City sa Pampanga ang nasugatan noong Marso 12 sa walang-patumanggang pamamaril ng mga pulis. Nagsilbing pwersang panseguridad ang mga pulis sa *demolition team* ng Clark Hills Properties Corporation na sumugod sa sityo para buwagin ang barikada ng mga residente. Bumilang ng 500 ang pinagsanib na pwersa ng mga pulis at maton. Apektado ng planong demolisyon ang mahigit 500 kabahayan sa 72-ektaryang lupang kinakamkam ng kumpanya. Tinatayang 2,000 residente ang biktima ng pang-aagaw ng lupa.

Marahas na giniba ng mga pwersa ng estado at maton ang bahay na malapit sa barikada at sapilitang pinasok ang mga lagusan ng baryo. Sa harap ng pagtatanggol ng mga residente, nagpaputok ng baril ang mga pulis na nakasugat sa pitong residente sa kanilang mga dibdib at hita. Tinakot din nila ang dalawang mamamahayag na nagbabalita ng karahasan.

Sa sumunod na araw, muling pinasok ng mga maton ang sityo at pinagbababasag ang mga bintana ng mga bahay.

**Pambobomba.** Hindi bababa sa 22 bomba ang inihulog ng AFP mula sa ere sa mga komunidad sa Abra mula Pebrero 25 hanggang Pebrero 27. Sinundan ito ng panganganyon at pang-iistraping ng mga sundalo na tumama malapit sa mga palaisdaan, pastuhan at taniman ng mga residente. Apektado nito ang hangganan ng Barangay Bazar, Sallapadan at Barangay Bulbulala, Licuan-Baa.

Sa Bukidnon, muling kinanyon ng mga tropa ng 10th ID ang Valencia City noong Marso 10, alas-10 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon. Hindi bababa sa 18 beses nagpakawala ng bomba ang mga pwersa ng AFP gamit ang mga 105 *howitzer* na nakapwesto sa Sityo Bulakaw, Barangay Concepcion sa naturang syudad.

**Pamamaril.** Walang patumanggang namaril ang 2nd IB sa Sityo Cayang, Barangay Liong, Cataingan, Masbate noong Marso 11 at pinalalabas na isang "engkwentro" sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang nangyari. Sinindak at pinilit pa ng militar ang mga upisyal ng barangay na pumirma ng sertipikasyon na nagpapatotoong may naganap na labanan sa lugar.

**Iligal na detensyon at deportasyon.** Arbitraryong ipiniit at sapilitang pinabalik sa The Netherlands ang Pilipinong aktibista na si Marikit Saturay nang bumisita siya sa Pilipinas noong Marso 7 para dumalo sa kaarawan ng kanyang lola. Tatlong gabi siyang ipiniit ng Bureau of Immigration (BI) sa Ninoy Aquino International Airport bago sapilitang pinabalik sa pinanggalingang bansa. Anang BI, nasa "blacklist order" si Saturay dahil sa paglahok sa mga "anti-gubyernong mga aktibidad."

**Panggigipit.** Walang-tigil na intimidasyon at harasment ang ginagawa ng mga pwersa ng estado sa pamilya ng mga Pulang mandirigma ng BHB na namartir sa Bilar, Bohol noong Pebrero 23. Paulit-ulit na pinuntahan ng pulis ang pamilya ng namartir na si Perlito Historia noong nakaraang mga linggo para pilitin silang iatras ang planong ipa-awtopsiya ang labi ng biktima. Sinuhulan ng pulis ang pamilya ni Historia at pinagbantaan nang hindi nito tinanggap ang pera.

**Paglabag sa karapatan ng manggagawa.** Muling ginigipit ang lider ng Technol Eight Philippines Workers Union (TEPWU)-OLALIA-KMU na si Mario Fernandez noong Marso 9. Pinaniniwalaang ang gayong panggigipit ay kaugnay ng nalalapit na pakikipagnegosasyon nila para sa panibagong *collective bargaining agreement* (CBA). Ganito rin ang naranasan niya noong 2022.

Samantala, binalewala ng kumpanyang Profood International Corporation ang manggagawa nitong si Isidro Rosell, 62, nang maaksidente sa Mandaue Plant sa Barangay Maguikay, Mandaue City, Cebu. Labingwalong taon nang nagtatrabaho si Rosell sa kampanya. Naaksidente siya noon pang Pebrero 20 nang nahulog sa trak na kanyang kinakargahan ng *cocoshells* na hinahakot mula sa pabrika. Nagdulot ito ng *blood clot* sa kanyang utak. Tumatanggi ang kumpanya na bigyan siya ng tulong. AB

### Araw ng Kababaihan laban sa *charter change*

NAGMARTSA NOONG ARAW ng Kababaihan, Marso 8, ang mga grupo ng kababaihan sa pangunguna ng Gabriela, at iba't ibang demokratikong organisasyon, para ipahayag ang kanilang pagtutol sa *charter change* (*chacha*) ng rehimeng Marcos, at ang panawagan para sa karapatan, kabuhayan at kasarinlan. Nagmartsa sila mula sa España Avenue patungo sana sa Mendiola ngunit hinarang ng mga pulis sa kalyeng Morayta pa lamang. Nagsagawa sila ng programa sa harap ng Far Eastern University.

Sa programa, ipinrisinta ng Gabriela ang isang obra na kumakatawan sa "regalo" ng rehimeng Marcos sa kababaihan na may tatak na *chacha*. Sa loob ng kahon ay mga ahas na nagsisimbolo ng 100% pag-aari ng dayuhan, dagdag na mga base militar ng US sa bansa, at pagpapalawig ng panunungkulan ng mga upisyal ng estado. Ang kahon ay nakabalot sa bandila ng US.

Inilunsad ang katulad na mga pagkilos sa mga syudad ng Baguio, Calamba, Naga, Cebu, Iloilo, Bacolod at Davao.

**Panibagong serye ng tanggalan sa Nexperia.** Kinundena ng Nexperia Workers Philippines Inc. Workers Union (NWPIWU)-NAFLU-KMU ang panibagong serye ng tanggalan na ipatutupad ng Nexperia Philippines mula Abril hanggang Setyembre. Ipinabatid ng kumpanya sa unyon noong Marso 4 na magkakaroon ng halos dalawang linggong *shutdown* sa isang erya nito at magtatanggal ng 53 manggagawa. Banta ng kumpanya, una pa lamang ito sa serye ng posibleng tanggalan ngayong taon. Ang malawakang tanggalang ipatutupad ng Nexperia ay paglabag sa mga nakasaad na kundisyon sa CBA nito sa unyon. Kasalukuyang nasa negosasyon para sa CBA 2024-2026 ang unyon.

**Benepisyo ng mga dyanitor ng PUP, iginiit.** Nagpiket ang mga dyanitor at kasapi ng Samahan ng Janitorial (SJ), mga kasapi ng Anakbayan at mga estudyante sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Santa Mesa, Manila noong Marso 13 para igiit ang naantalang mga benepisyo ng mga dyanitor mula sa Starcom Manpower Agency. Isinabay ang protesta sa pakikipagdayalogo ng mga manggagawa sa kinatawan ng ahensya. Noong nakaraang taon pa unang iginiit ng mga dyanitor ang kanilang hinaing sa administrasyon ng PUP at ng ahensya para sa kanilang insentibo, *13th month pay*, *retroactive pay*, at kawalan ng *transparency* sa pagpapasahod sa kanila.

**Pambansang Araw ng Pag-alala sa mga Migrante.** Nagprotesta ang mga kasapi ng Migrante sa Department of Migrant Workers (DMW) noong Marso 17 bilang bahagi ng kanilang paggunita sa Pambansang Araw ng Pag-alala sa mga Migrante. Samantala, nagpiket ang mga overseas Filipino workers mula Saudi Arabia para igiit ang kanilang pinaghirapang sahod at benepisyo na hindi pa natatanggap mula nang sisantehin sila noong 2016 sa naturang bansa. Sa tala ng DMW, umaabot sa 9,000 ang bilang ng naturang mga manggagawa.

**Pagpasa ng RBH7 sa Kongreso, tinutulan.** Nagprotesta sa harap ng Kongreso ang mga demokratikong organisasyon sa isang People's Rally noong Marso 20 para tutulan ang pagratsada ng RBH7, ang panukalang nagtutulak para sa *charter change* (chacha). Matapos lamang ng ilang oras sa araw na iyon, ipinasa ng Kongreso ang panukala sa botong 288 na sang-ayon, walong tutol at dalawang *abstain*. Kabilang sa walong tumutol ang mga kongresista ng blokeng Makabayan. Kasabay ng protesta sa Kongreso, nagprotesta rin ang mga estudyante sa Katipunan Avenue, sa harap ng Ateneo de Manila University.

**Epekto ng El Niño, tugunan.** Nagpiket ang Amihan, pambansang pederasyon ng kababaihang magbubukid, sa upisina ng Department of Agriculture sa Quezon City noong Marso 7 para kalampagin ang rehimeng Marcos sa kawalang aksyon nito sa epekto ng El Niño sa masang magsasaka. Giit nila kay Marcos at mga ahensya ng estado na bigyan sila ng kagyat na alibyo at tulong, laluna ang mga nasiraan ng tanim dahil sa tagtuyot.

**Demolisyon sa Navotas City, tinutulan.** Nagrali ang mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) sa baybayin sa Navotas City noong Marso 15 para tutulan ang utos ng lokal na gubyerno na baklasin ang mga tahungan at baklad para bigyang daan ang Navotas Bay Reclamation Project. Ang 650-ektaryang reklamasyon ay itinutulak ng lokal na gubyerno at kasosyo nitong Argonbay Construction Company, subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Ramon Ang. Sa kabila ng pagtutol, isinagawa ng mga tauhan ng kumpanya at ng Coast Guard ang demolisyon noong Marso 18.

**Araw kontra malalaking dam, ginunita.** Nagprotesta ang mga grupo ng pambansang minorya at tagapagtanggol ng kalikasan sa upisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Visayas Avenue, Quezon City noong Marso 14 para tutulan ang pagtatayo ng malalaking dam sa bansa at igiit na bigyang-proteksyon ang mga ilog. Isinagawa ang protesta kasabay ng paggunita sa buong mundo ng International Day of Action for Rivers and Against Large Dams.

**Marcos sa Germany, sinalubong ng protesta.** Sinalubong ng protesta ng mga migranteng Pilipino ang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr sa Berlin, Germany noong Marso 13. Pinangunahan ng ALPAS Pilipinas at Gabriela-Germany ang naturang protesta at dinaluhan ng mga kaibigang German na mga organisasyon. Anila, ang pagbisita ni Marcos sa Germany at iba pang mga bansa sa Europe mula Marso 11-15 ay dapat gawing okasyon ng lahat ng mga migranteng Pilipino at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao na kundenahin ang brutal na rehimeng naghahasik ng masasahol na paglabag sa karapatang-tao at *international humanitarian law* (IHL).

**LGBTQIA+ sa EARIST, nanindigan laban sa diskriminasyon.** Nagprotesta ang mga LGBTQIA+ sa pangunguna ng Bahaghari-EARIST sa kampus nito sa Santa Mesa, Manila noong Marso 15 sa harap ng pagbabawal sa mga *transwoman* na estudyante na makapag-enrol hangga't hindi nagpapagupit ng buhok. Kasunod ng protesta, pansamantalang isinuspinde ng paaralan ang patakaran.

# Kapit-bisig ang masa sa harap ng El Niño

Umabot na sa ₱78.45 milyon ang kabuuang halaga ng pinsala sa sektor ng agrikultura dulot ng tagtuyot sa Negros Occidental at bahagi ng Western Visayas, rehiyong pinakasinasalanta ngayon ng El Niño. Labing-isa (tatlong syudad at walong bayan) sa kabuuang 32 munisipalidad nito ang pinakaapektado ng tagtuyot. Libu-libong pamilya ang dumaranas ngayon ng kagutuman at kasalatan ng maiinom na tubig.

Sa harap ng kapabayaan ng lokal na gubyerno at ng rehimeng US-Marcos, kakambal ang walang tigil na militarisasyon, walang ibang masusulingan ang masang magsasaka kundi magsama-sama para kolektibong harapin ang salanta ng tagtuyot.

**Paniningil sa gubyerno**

Koordinado at antas-antas ang plano ng mga samahang magsasaka sa pagtataguyod ng kampanyang masa sa Negros Occidental para harapin ang El Niño. Sinimulan na nila ang mga konsultasyon, pagpupulong at kampanyang pag-aaral sa antas barangay, at target nilang pasaklawin hanggang antas bayan at distrito. Inihahanda nila ang isang petisyon na naglalaman ng kanilang panawagan sa gubyerno para sa sapat na ayuda, pagkain at subsidyo sa kanilang produksyon.

Kinahaharap ngayon ng masang magsasaka sa prubinsya ang pagkasira ng kanilang mga pananim. Tanging 41,140 ektarya lamang sa 94,297 ektaryang target ng irigasyon ang may patubig, na ngayon ay apektado rin ng tagtuyot. Kwento ng isang magsasaka, "hindi na kami nakapagsagawa ng *3rd cropping* ng palay dahil nakaasa lang kami sa ulan para sa patubig."

Dulot nito, ang iba ay nagbabalak na lamang magtanim ng mais para umagapay sa kanilang pagkain. Gayunman, hindi pa rin sila makapagsimula hangga't walang patak ng ulan para sa patubig. Ang iba naman, nagtanim ng gulay at ngayon ay nagtityagang mag-igib ng tubig sa malalayong balon para ipandilig. "Naubusan na ng pinagkukunan, kahit maliliit na ilog wala nang tubig," kwento ng isa pa.

Sa buong bansa, 67% lamang ng target ng gubyerno na paunlarin na mga irigasyon ang naipatupad nito sa nagdaang taon. Maraming kanal ang hindi na napakikinabangan, iniiba ang gamit at nasira na nang tuluyan. Lubhang bawas din ang patubig para sa irigasyon galing sa mga dam dahil inilalaan ito sa industriya at serbisyong pangkuryente.

Maging ang mga alagang hayop nila ay apektado na rin. Wala nang mapagpastuhan ng kalabaw, baka, kambing, at ibang alagang hayop dahil tuyo na ang mga damo at wala na itong makain. May mga hayop nang namatay dahil sa matinding init.

Hindi lamang kabuhayan, bagkus maging ang kalusugan ng mga residente ay apektado ng El Niño. Ang sobrang init na naranasan ay nagresulta na ng epidemya kagaya ng ubo, lagnat, sipon at iba pang mga sakit. Naitala na rin sa ilang erya ang mga kaso ng *stroke*, pagtaas ng *blood pressure*, at madaling pagkahapo.

Sa harap nito, labis silang nainsulto sa kakarampot na ₱2,500 na ayudang ipamamahagi ng lokal na gubyerno sa magsasakang may tatlong ektaryang palayan. Anila, huling-huli at pawang palabas lamang din ang ₱15 milyong pondo para ipambili ng mga *pump* at kagamitan para sa patubig.

Paninindigan nila, kung hindi sila bibigyan ng makabuluhang tulong, handa silang kumilos nang sama-sama para sa dayalogo at komprontasyon sa lokal na mga ahensya.

***Dagyaw-alayon***

Para umagapay sa produksyon, binuhay ng mga magsasaka ang *dagyaw-alayon*, ang tradisyunal na porma ng pagtutulungan sa pagsasaka sa rehiyon.

Sa timog na bahagi ng Negros Occidental, itinakdang komunal na taniman ang isang erya sa lupang bungkalan na naipagtagumpay sa isang kampanya. Napagkasunduan nila na mais ang itatanim sa lupa. "Paunang aspeto ito sa kooperasyon...sinusunod namin ang balangkas ng "work points," pagbabahagi ng magsasakang kalahok. Tuwing gabi, napagkasunduan nila na ang grupo ng kababaihan ang magdidilig sa maisan.

Nagbunga rin ang pakikipagkaisa at gawaing alyansa nila sa panggitnang pwersa sa komunidad. Anila, malaking tulong ang mga *hose* na kanilang nakuhang suporta. Ito ang ginagamit nila sa pagdidilig laluna at malayo ang pinagkukunan ng tubig.

"Mas napapaunlad ang aming tulungan lalong lalo na sa panahon ng El Niño...lalo na at papatapos na rin ang trabaho sa mga *kampo* (tubuhan)," ayon pa sa isang magsasaka. Makakatulong din ito, aniya, sa mapagkukunan ng pagkain ngayong tagtuyot. Sa ganitong panahon, napatunayan pa ng isang magsasaka na, "walang ibang maasahan kundi ang aming pagtutulungan." AB



# Imported na LNG, mga pasilidad at planta nito, delubyo sa kapaligiran at mamamayan

Inianunsyo nitong Marso ng tatlong malalaking burgesya-kumprador ang kanilang "pagsasanib" para sa operasyon ng Ilijan LNG terminal, ang kauna-unahang "integrated LNG import facility" na itinayo ng Atlantic Gulf & Pacific Company (AG&P) sa baybay ng Barangay Ilijan, Batangas City. Nagsama-sama ang Meralco PowerGen, Aboitiz Power at San Miguel Global Power (SMGP) para bilhin ang naturang pasilidad sa halagang $3.3 bilyon (₱184 bilyon).

Saklaw ng Ilijan LNG terminal ang siyam na ektaryang kalupaan at hanggang 700 metro katubigan mula sa baybay para sa "lumulutang na mga imbakan" ng LNG (*liquified natural gas*). Liban sa daungan at imbakan, magsisilbi rin itong pasilidad para sa "regasification" (proseso ng pagtransporma ng LNG mula sa anyong likido tungo sa orihinal nitong anyong gas). Magsusuplay ang naturang pasilidad ng *natural gas* sa itinatayong dambuhalang plantang pang-enerhiya na pagmamay-ari ng San Miguel Corporation (SMC).

Kabilang ang pasilidad at plantang ito sa 12 "terminal" at 35 bagong plantang pang-enerhiya na planong itayo para sumalo ng imported na LNG at *diesel*. Pito sa mga terminal at walo sa bagong mga planta ay nakatakdang itayo sa baybay ng Batangas, sa harap ng Verde Island Passage (VIP). Ang iba pa ay planong itayo sa Leyte, Navotas City at Zamboanga. Isa sa mga plantag LNG, na binalak itayo sa baybay ng Tañon Strait sa San Carlos, Negros Occidental, ay pansamantalang napaatras ng mga protesta ng mga residente, taong-simbahan at mga grupong maka-kalikasan. Marami sa mga proyektong LNG ay itinutulak ng SMC, katuwang ang multinasyunal na mga institusyon at bangkong Japanese, Amerikano at British.

Sa kasalukuyan, anim na plantang LNG ang may operasyon sa bansa, at lima nito ay nasa baybay ng Batangas.

**Tambakan ng sarplas na LNG ng US**

Ibinukas ng Pilipinas ang pag-import ng LNG mula 2021 sa harap ng iniuulat na nalalapit na pagkasaid ng reserbang *natural gas* sa Malampaya *gas fields* sa 2027. Ginamit ito ng US para itulak ang bansa na mag-import ng LNG.

Ang US ang nangungunang prodyuser ng LNG sa buong mundo mula pa 2011. Nilagpasan nito ang Russia, Australia at Qatar at naging numero unong eksporter sa unang pagkakataon noong Disyembre 2023. Bunga ito pangunahin ng pag-agaw ng US ng bentahan ng LNG sa Western Europe (Germany, France, UK, at iba pa) na dati ay dumadaloy sa mga tubo mula sa Russia. Liban sa ipinataw ng US ang sangsyon kontra sa pagbili ng LNG sa Russia mula sumiklab ang gera sa Ukraine, pinasabog pa nito ang Nordstream *pipeline* upang hindi makapagpuslit ng LNG. Kabi-kabila ang kinailangang itayong mga LNG terminal upang iimbak ang LNG mula sa US na dinadala sa Western Europe sakay ng malalaking barko.




Direktang resulta ng gerang *proxy* ng US sa Ukraine ang pagsirit ng presyo ng LNG tungong $40 kada isang milyong British *thermal unit* (mmBtu) noong 2022. Gayunpaman, dahil sa sobrang produksyon ng US ng LNG, nahila pababa ang presyo sa pandaigdigang pamilihan tungong $9.80 kada mmBtu noong 2023.

Nagkukumahog ngayon ang US na magbukas ng bagong mga merkado at monopolisahin ang dating mga merkado sa Asia para maging tambakan ng sarplas na LNG at panatilihing mataas ang *demand* at presyo nito. Pinaka-interasadong mag-import ng LNG ang mga kumpanyang Amerikano tulad ng ExxonMobil, Novatek at Chevron.

Bumaba man ang presyo ng LNG sa pandaigdigang merkado, pansamantala lamang ito at hindi nangangahulugan na ibababa nito ang singil ng kuryente sa Pilipinas. Noong 2023, mas mataas nang $1-$3/mmBtu ang imported na LNG kumpara sa lokal na *natural gas*. Alinsunod sa taya ng Institute for Energy Economics and Financial Analysis, nasa ₱9 kada *kilowatt hour* (kwh) hanggang ₱16/kwh ang presyo ng nalilikhang enerhiya mula sa imported na LNG. Mas mataas ito sa abereyds na ₱7.38/kwh na presyo ng enerhiya mula sa kaparehong imported na karbon at *diesel* noong 2023, at ₱4.4/kwh gamit ang lokal na *solar power*.

Sa kabila ng tiyak na mas mataas na singil, ginawa pang rekisito

*Sundan sa pahina 10*

*Mula sa pahina 9*

ng Department of Energy ang pagkuha ng lahat ng distribyutor ng kuryente mula sa mga plantang nagpoproseso ng imported na LNG. Alinsunod sa "energy map" ng rehimeng Marcos, itataas ng Pilipinas ang paggamit ng imported na LNG at mga enerhiyang "renewable" mula 29% (kung saan 13% ay LNG) tungong 35% pagsapit ng 2030 at 50% sa 2050.

**Banta sa VIP at kabuhayan ng mga mangingisda**

Inilalako ang LNG bilang "transition fuel" dahil mas malinis diumano ito kumpara sa karbon at *diesel*. Gayunpaman, lumilikha pa rin ito ng mga *greenhouse gas* (GHG) tulad ng *methane*, *carbon monoxide* at *carbon dioxide*. Katunayan, lumilitaw sa mga pag-aaral na mas nakasasama sa kalikasan ang nalilikha nitong *methane*, dahil 80-100 beses itong mas matagal na nagkukulong ng init sa atmospera kumpara sa *carbon dioxide*.

Sinimulan sa kasagsagan ng pandemya (2021) at natapos noong 2023 ang konstruksyon ng Ilijan LNG terminal. Itinayo ito ng AG&P, isang kumpanyang nakabase sa United Arab Emirates, katuwang ang Osaka Gas at Japan Bank for International Cooperation. Noong Pebrero, binili ng Amerikanong kumpanyang Nebula Energy ang dibisyon ng AG&P na nakatuon sa LNG.

Katambal ng Ilijan LNG terminal ang Batangas Combine Cycle Power Plant na kasalukuyang itinatayo ng SMGP sa Sta. Rita, Batangas. Bagamat magkahiwalay na proyekto, magkarugtong ang dalawang pasilidad at nakaharap sa parehong bahagi ng VIP.

Ayon sa pag-aaral ng maka-kalikasang grupo, banta ang dalawang pasilidad, at iba pang katulad nito, sa ekosistema ng VIP na itinuturing ng mga syentista bilang "pinakamayaman na habitat pandagat" sa buong mundo. Sa konstruksyon pa lamang, apektado na ng *sediment* at buhangin ang saklaw ng pasilidad. Dinistorbo ng konstruksyon ang siklo at pinaninirahan ng mga isda at iba pang buhay marino hindi lamang sa kagyat na saklaw nito, kundi sa buong VIP. Nagresulta ito sa higit na pagbaba ng kalidad ng mga *coral reefs* at pagbagsak ng huli ng mga mangingisda.

Liban sa pinsala sa karagatan, nahaharap din ang AG&P sa kaso ng iligal na pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural sa mga barangay ng Ilijan at De La Paz. May mga kaso rin itong iligal na pagputol ng mga puno ng niyog sa lugar. Katunayan, naglabas ng "cease and desist order" ang Department of Agriculture laban sa kumpanya noong nakaraang taon dahil sa kawalan nito ng permit ng pagpapalit-gamit ng lupa. Lahat ng ito ay ipinagkibit-balikat ng AG&P at mga bangko ng Japan.

Matagal nang apektado ang daan-daang mangingisda sa Batangas ng mga operasyon ng mga plantang pang-enerhiya ng First Gen at SMC. Bago pa sinimulang itayo ang mga bagong planta at pasilidad, mahigit kalahati na ang ibinawas sa huling isda (tulingan at galunggong) mula 2019. Higit pa silang naipit nang ipagbawal ang pangingisda sa mga baybay malapit sa konstruksyon.

Dagdag dito, pinangangambahan ng mga residente ang posibleng pagtagas ng LNG sa karagatan, lalupa't bulnerable ang VIP sa malalakas at matitinding bagyo. Hindi pa nakababawi, at posibleng di na makababawi, ang VIP mula sa pinsalang idinulot ng pagtagas ng langis mula sa barkong inarkila ng SMC, ang MT Princess Empress, noong nakaraang taon.

Lalong dudumi ang hangin at tubig sa Batangas kasabay ng pagtadtad ng baybay dito ng mga planta ng maruming enerhiya. Lalo ring madidistorbo ang buhay marino dahil kakapal ang paglabas-masok ng mga barkong maghahatid ng imported na LNG.

Higit na mawawalan ng mapagkukunan ng kabuhayan at maging ng tirahan ang maraming komunidad sa baybay. Bumibilang sa dalawang milyong Pilipino ang direktang nakaasa sa yaman ng karagatan ng VIP. AB

## Mga upisyal ng US, dumagsa sa bansa ngayong Marso

SINABAYAN NG PROTESTA ang pagdating ni Anthony Blinken, kalihim ng Department of State ng US, sa Malacañang noong Marso 19. Nasa bansa si Blinken para pulungin si Ferdinand Marcos Jr at ang AFP sa paparating na Balikatan *wargames* at para muling itulak ang Indo-Pacific Security Strategy, ang estratehiya ng US para panatilihin ang hegemonya nito sa Asia laban sa karibal nitong China.

Bago si Blinken, halos magkasabay na dumating sa bansa ngayong Marso ang matataas na upisyal sa ekonomya at militar ng US.

Pinangunahan ni Gina Raimondo, kalihim ng Department of Commerce ng US, ang delegasyon ng Presidential Trade and Investment Mission na ipinadala ng US para ilako ang Indo-Pacific Economic Framework, isang "susing" bahagi ng Indo-Pacific Security Strategy. Kasama sa delegasyon ni Raimondo ang 22 pinuno ng malalaking kumpanyang Amerikano, kabilang ang dalawang kumpanya sa konstruksyon (Bechtel, Black & Veatch) na tagapagtayo ng mga baseng nabal at pasilidad militar ng US sa iba't ibang bansa.

Dumating din sa Pilipinas si Adm. John C. Aquilino, kumander ng US Indo-Pacific Command, para sa mga pulong kasama sina Marcos, kalihim ng depensa na si Gilbert Teodoro at hepe ng AFP na si Gen. Romeo Brawner Jr, kasama ang iba pang matataas na upisyal ng AFP.

Tinakalay nila ang mga paghahanda para sa Balikatan 2024, na ipinagmamalaking magiging "pinakamalaki" sa kasaysayan nito. Ilulunsad ito sa Batanes at Palawan mula Abril 22 hanggang Mayo 8. Isa sa mga "highlight" nito ang "integrated air missile defense exercise," o pagpapalipad ng mga misayl sa direksyon ng China. Alinsunod ito sa Strategic Defense Strategy at papel ng Pilipinas bilang pampain sa depensang *first-island chain* ng US.